THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

# TALIBA

#514 APRIL 1-15, 2024 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Lider ng mga partido pinarangalan ang legasiya ni Brian Mulroney sa House of Commons

Nagbigay ng talumpati mga lider na gugunita sa buhay at legasiya ng dating prime minister na si Brian Mulroney.

Si Mulroney ay namuno sa Canada mula 1984 hanggang 1993, minahal ng Canadian buong puso — at naglingkod ng maraming, maraming taon at maraming iba't-ibang paraan, pumanaw noong Pebrero 29, 2024 sa edad na 84, ililibing sa Marso 23 Sabado.

Nanalo siya ng dalawang majority governments at namuno sa Canada sa pamamagitan ng ilang mahahalagang policy decision points, kasama ang free trade sa Estados Unidos, pagtatapos ng Cold War' at ang pagpapakilala sa GST. ***RCI***

***Brian Mulroney, na dating Prime Minister ng Canada ay minahal ng buong puso ng mga Canadian na naglingkod ng maraming taon at maraming iba't-ibang paraan.***



**Brian Mulroney**, *former Prime Minister of Canada*



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

**For inquiry**, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Health Canada klinaro ang kwalipikasyon para sa seniors sa ilalim ng dental care plan



Klinaro ng pederal na gobyerno ng Canada kung sino ang magiging kwalipikado para sa national dental care plan.

Sinabi ng isang tagapagsalita para sa Health Canada sa CBC News na ang mga tao na bumili ng sariling pribadong dental insurance plans ay magiging kwalipikado para sa national program — ngunit pagkatapos lamang mapaso ng kanilang kasalukuyang private policies.

***Health Canada tells CBC News it updated its website to provide more clarity on who is eligible for the national dental care program.***


Ang mga may access sa pribadong dental coverage sa pamamagitan ng kanilang trabaho o mga propesyonal na organisasyon ay mananatiling hindi kwalipikado.

Gayunpaman, nagdagdag ang Canada ng exception para sa mga retirado na nagdesisyon mag-sign up para sa pribadong dental insurance sa pamamagitan ng kanilang pension plan.

Ang $13 bilyon na Canadian Dental Care Plan ay inaasahan na ikokober kalaunan ang tinatayang siyam na milyong low- at middle-income Canadians na walang pribadong dental insurance. **RCI**


## APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




**EXTRA PERSONNEL**
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
**2140 Kipling Avenue Unit 5**
**Toronto, ONT M9W 4K5.**

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
**Alvin Rota**
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com




# Quiboloy iaakyat sa SC arrest order ng Senado



**MANILA, Philippines** — Maaaring dumulog si Pastor Apollo Quiboloy sa Korte Suprema upang kuwestyunin ang arrest order na inilabas ng Senado laban sa kanya, ayon sa kanyang abogadong si Elvis Balayan.

Sa isang panayam sa telebisyon, sinabi ni ¬Balayan na maaaring i-interpret ng SC ang limitasyon ng kapangyarihan ng hudikatura.

Anya, bahagi ng proseso ng batas ang pagdulog sa Supreme Court.

"Yes, that's part of the process allowed under existing laws and that is a very big possibility that we will elevate the matter before the appropriate courts… It could be before the Supreme Court," ani Balayan.

***Sundan sa pahina 6***

# Senado ipinasa ang updated Canada-Ukraine free trade agreement



***Prime Minister Justin Trudeau shakes hands with Ukrainian President Volodymyr Zelenskyy on Parliament Hill in Ottawa on Sept. 22, 2023***

***Ipinasa ng Senado ang panukalang-batas upang ipatupad ang updated na free trade agreement ng Canada sa Ukraine, upang bigyang daan ang pagiging batas nito.***

Ito ay pumasa na walang suporta mula sa kahit isang Conservative na senador, na naaayon kung paano bumoto ang Tory leader na si Pierre Poilievre at ang kanyang mga MP sa House of Commons.

Sinabi ng Conservatives na bumoto sila laban sa panukalang-batas dahil sinasabi sa trade deal na ang dalawang bansa, na parehong may ipinapatupad na carbon price, ay ipo-promote ang carbon pricing.

Ang matagal ng Manitoba MP na si James Bezan ay sinabi na ang future Conservative government ay ire-renegotiate ang deal para mawala ang reference nito sa carbon pricing.

Ilang beses inakusahan ni Prime Minister Justin Trudeau ang Conservatives na inabandona ang Ukraine at sumusunod sa mga hakbang ng ilang U.S. Republicans, na sinubukang harangin ang tulong sa Ukraine.

Sinabi ni Trade Minister Mary Ng na ang updated agreement ay kinakailangan upang tulungan ang Ukraine na makabangon mula sa giyera na nilalabanan nito mula nang lusubin ng Russia ang bansa noong Pebrero 2022. ***RCI***

# Dalawang Filipina Canadian artist nanalo sa Battle of the Brush 43 sa B.C.

## *Binabati namin kayo Marianne Valdez at Mara Cortez!*

Dalawang Filipina Canadian artist, sina Marianne Valdez at Mara Cortez, ang nanalo ng Golden Brush title sa Battle of the Brush 43: Season 8 Grand Finale na naganap sa Heritage Hall sa Vancouver, B.C., noong Marso 1.

Dumalo sina Consul Ericka Anna Abad at Cultural Officer Ma. Lyra Ocampo ng Philippine Consulate General - Vancouver sa kompetisyon upang suportahan sina Marianne at Mara habang lumaban ang dalawa sa iba pang koponan ng mga talentadong artist na nanalo rin dati sa nakalipas na Battle of the Brush contests.

Si Marianne ay isang Filipina visual artist na ipinanganak at lumaki sa Surrey, B.C., na ang art ay kumuha ng inspirasyon mula sa kanyang kuryusidad tungkol sa ugnayan ng natural na mundo at kanyang lahi. Anak ng unang henerasyon na mga imigrante, si Marianne ay naglalayong kumonekta at maghilom sa pamamagitan ng mga istorya at imahe ng kanyang art.

Si Mara, sa kabilang banda, ay isang queer Filipina na niyakap ang art bilang isang universal language of connection. Si Mara ay dating healthcare worker na bumalik sa kanyang true calling bilang isang artist. Humugot ng inspirasyon mula sa kanyang mayamang heritage at personal na mga karanasan.

Ang Battle of the Brush ay isang live painting competition kung saan ang mga koponan ng mga artist ay naglalaban-laban sa isang time-limited competition bago ang kanilang kolektibong mga gawa ay idi-display at pagbobotohan ng local art lovers at mga taong dumalo sa event.

Para sa grand finale, ipinta nina Marianne at Mara ang tatlong kababaihan na masayang nagtatampisaw isang magandang araw bilang parangal sa National Women's Month at women empowerment. Sa pamamagitan ng artwork na pinamagatang Ligaya, tinalo nina Marianne at Mara ang tatlo pang team upang mapanalunan ang Golden Brush trophy, $1,000 cash prize at isang art exhibition sa Capulet Art Gallery. ***RCI***


*Mara (kaliwa) at Marianne (kanan) nagpakuha ng litrato tangan ang kanilang Golden Brush trophy at $1,000 cash prize matapos ianunsyo bilang winners ng Battle of the Brush 43: Season 8.*


*Ang mga artist na sina Marianne Valdez at Mara Cortez pininta ang kanilang winning artwork na pinamagatan na "Ligaya."*

Mula sa pahina 4 **. . . Quiboloy**

Dahil nagpalabas na ng warrant of arrest ang Senado, nasa kapasyahan na umano ni Quiboloy kung ano ang susunod niyang hakbang.

"With the warrant of arrest already issued, it's up to him on how he would want to deal with the said order of detention," ani Balayan.

Bagaman at inirerespeto ni Quiboloy ang desisyon ng Senado sa isyu ng warrant of arrest, gagawin nila ang lahat ng legal na paraan upang maprotektahan ang kanyang constitutional rights.

Idinagdag ni Balayan na ang Senate committee on women na pinamumunuan ni Sen. Risa Hontiveros ay kumikilos na katulad ng isang korte at mistulang hinatulan na ng guilty si Quiboloy.

Tanging korte lamang ang maaaring magsabi ng guilty o walang kasalanan ang isang tao, ayon pa sa abogado.

Sinabi rin niya na nasa Pilipinas pa si Quiboloy at handa umanong humarap sa "proper forum" gaya ng korte.

***Pilipino Star Ngayon***

# Bilyun-bilyong puhunan at suporta sa West Philippine Sea nakuha ni Pangulong Marcos sa Germany at Czech Republic visits

***President Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. and Czech Republic President Petr Pavel faced the media during a joint press conference at the Prague Castle in Czech Republic***


MARCOS Jr

**MANILA** — Pinuri ni Speaker Ferdinand Martin G. Romualdez si Pangulong Ferdinand R. Marcos, Jr. sa matagumpay na biyahe nito sa Germany at Czech Republic na pakikina¬bangan umano ng Pilipinas.

Ayon kay Romualdez, nagpahayag ng suporta sa Pilipinas ang mga lider ng Germany at Czech Republic sa isyu ng West Philippine Sea at nangako ng bilyong dolyar na pamumuhunan matapos maka-usap si Pangulong Marcos.


"The immensely beneficial outcomes of President Marcos' trip to Germany and the Czech Republic starkly demonstrates the crucial rule of personal interaction between leaders of nations in enhancing bilateral relations and advancing national interest," ani Speaker Romualdez.

Sinabi ni Romualdez na kapwa nagpahayag ng suporta sina German Chancellor Olaf Scholz at Czech Republic President Petr Pavel sa posisyon ng Pilipinas na dapat mangibabaw ang rules-based order, partikular ang United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS), sa agawan ng teritoryo sa West Philippine Sea.

Umabot sa US$4 bilyon o katumbas ng P220 bilyon ang halaga ng pamumuhunan na nakuha ni Pangulong Marcos para sa Pilipinas na saklaw ng magkakaibang kasunduan.

Sa Czech Republic naman, bukod sa isyu ng WPS ay napag-usapan din sa pagpupulong ang pagpapalakas ng kalakalan at pamumuhunan, defense sector, agrikultura, renewable energy, transport, at people-to-people exchanges. ***Pilipino Star Ngayon***

# Orihinal na artwork ng mga Pinoy sa Canada bida sa online exhibit




***Itinutulak ng isang Filipino Canadian sa Edmonton na ibida ang talento ng mga Pinoy sa Canada at bigyang espasyo ang kanilang likhang-sining***

***Umabot sa siyamnapu't siyam ang mga kalahok*** na itinatampok sa 'Filipino In Me - Insights into Living Heritage' exhibit.

Kasalukuyan na matutunghayan sa isang online exhibit ang mahigit isandaan na likhang-sining ng mga Pilipino sa Canada. Layunin ng proyekto na matuklasan ang natatanging katangian ng pamumuhay sa Pilipinas, bumuo ng imbentaryo at para rin pahalagahan ang sining na nakakatulong para maiugnay ang komunidad sa pamanang lahi. ***RCI***

"The Travel partner You Can Trust!" tico.ca
Polaris Travel & Tours
Polaris Travel & Tours
Contact us for LOW AIRFARES to the Philippines!
polaristravel.eng
polaris_travel
T. 416.224.9919 TOLL FREE 1.800.680.3849

Conveniently Located in Centerpoint Mall
6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

Very Clean COIN LAUNDRY &....DRY CLEAN DEPOT
(Near Bellamy Rd & Lawrence Ave E....find us in Google!)

Dry Clean – Low Prices, Fresh & Clean
· Skirts, Pants, Blouses
· Men Shirts
· Suits 2 pcs
COIN LAUNDRY
. Large Laundry Folding Tables on premises
. Free WiFi & Change Machines on premises
OPEN DAILY TILL 11.00 pm
Avoid the Rush....come during weekdays!
Site: 416-289-7514
Cedargreen Coin Laundry
3340 Lawrence Ave East, Unit 5, Scarborough, ON M1H 1A7




FAST, RELIABLE, HONEST SERVICE...
TRUSTED BY YOUR NEIGHBOURS

• Licensed Technicians • ODP Certified

*24/7 Emergency service*

We offer:

- Fast and same or next-day service. • Reliable repair service.
- Lower-rate repairs; we often fix appliances without additional parts to save customers money. If parts are required, we only charge for their cost. • Professional technicians, certified and insured.
- 1-year warranty for labor and up to 3 months for parts.

CALL Sam @ 416-857-3925

info@fixify.ca / www.fixify.ca


# KWF, inalmahan ang panukalang ipagbawal ang Filipino dubbing ng English movies at programs

Umalma ang Komisyon sa **Wikang Filipino** (KWF) sa panukalang ipagbawal ang Filipino dubbing ng mga pelikula at programang gumagamit ng Ingles na ipinalalabas sa bansa.

"Nagkakaisa ang Lupong Tagapagpaganap ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na sina Kom. Arthur P. Casanova, Kom. Benjamin M. Mendillo Jr., Kom. Carmelita C. Abdurahman, at Direktor Heneral Atty. Marites A.Barrios-Taran na dapat itong tutulan sapagkat hindi kailanman batayan ang pagsasaalang-alang sa kakayahan nating gumamit ng banyagang wika upang isakripisyo ang sarili nating wika para lamang umangat ang ating iskor sa pamantayang global habang gutom at kumakalam ang sikmura ng maraming mamamayang Pilipino at matunaw ang ating wika na pundasyon ng ating kasarinlan at karunungan!" saad ng KWF sa isang pahayag.

"Ang pag-ban sa pagsasa-Filipino sa mga pelikula ay paniniil sa dapat na maunawaan ng mga Pilipino sa kanilang pinanonood. Dapat itong tutulan," dagdag ng KWF.

Idiniin ng KWF na may mandato itong itaguyod ang patuloy na pag-unlad at paggamit ng Filipino bilang Wikang Pambansa at pangalagaan ang mga wikang katutubo ng Pilipinas patungo sa pagkakaunawaan, pagkakaisa, at kaunlaran ng sambayanang Pilipino. - ***BaliTamBayan***


ACTION Honda

"WHERE CAR OWNERSHIP IS MADE EASY"

Your Filipino friends, ready at your Service!

To all my kababayans, Feel free to contact me "bibili ka man o hindi." It is always a pleasure to talk to a kababayan.

MABUHAY! rafael@myactionhonda.com




NEW & USED CAR SALES • CAR PARTS • BODY SHOP • CAR SERVICE

4334 Kingston Rd., Scarborough ON (south of Lawrence Ave. East) Tel. (416) 281-1234


ACTION Honda

HONDA




4334 KINGSTON ROAD (AT LAWRENCE AVE. EAST)

416-281-1234 • www.myactionhonda.com




# Pananampalataya sa Diyos

Napakahalaga ng pananampalataya—mapatatatag ka nito ngayon at mabibigyan ng tiyak na pag-asa sa hinaharap.

## Bakit Magandang Basahin ang Bibliya?

"Akala ko dati, napakahirap maunawaan ang Bibliya."—Jovy

"Para sa akin, nakakabagot ang pagbabasa ng Bibliya."—Queennie

"Kapag nakikita ko kung gaano kakapal ang Bibliya, nawawalan ako ng ganang basahin ito."—Ezekiel

Naisip mo na bang basahin ang Bibliya pero nag-atubili ka dahil nadama mo ang gaya ng mga binanggit sa itaas? Para sa marami, ang hirap basahin ng Bibliya. Pero paano kung malaman mong makatutulong pala sa iyo ang Bibliya para maging mas maligaya at mas kontento sa buhay? At paano kung malaman mong may magagawa ka para maging mas kapana-panabik ang pagbabasa mo? Magiging interesado ka ba sa Bibliya?

Pansinin ang ilang komento ng mga taong nakinabang nang simulan nilang basahin ang Bibliya.

Sinabi ni Ezekiel, na mga 20 anyos: "Dati, para akong nagmamaneho ng sasakyan na wala namang pupuntahan. Pero dahil sa pagbabasa ng Bibliya, nagkaroon ng direksiyon ang buhay ko. May mga praktikal na payo ito na nagagamit ko sa araw-araw."

Ikinuwento ni Frieda, na mga 20 anyos din: "May pagka-magagalitin din ako noon. Pero unti-unti kong [nabago] ito dahil sa pagbabasa ko ng Bibliya. Bihira na ngayon ang hindi ko nakakasundo kaya mas marami na akong kaibigan."

Sinabi ni Eunice, mga 50 anyos, tungkol sa Bibliya, "Natulungan ako nito na maging mabuting tao, [at] baguhin ang pangit kong pag-uugali."

Gaya ng napatunayan nila at ng milyon-milyong iba pa, ang pagbabasa ng Bibliya ay makatutulong sa iyo na magkaroon ng mas kasiya-siyang buhay. (Isaias 48:17, 18) Makatutulong din ito sa iyo na (1) makagawa ng tamang mga desisyon, (2) magkaroon ng tunay na mga kaibigan, (3) maharap ang stress, at (4) higit sa lahat, malaman ang katotohanan tungkol sa Diyos. Galing sa Diyos ang mga payo ng Bibliya, kaya hinding-hindi ka mapapahamak kung susundin mo ito. Laging tama ang payo na mula sa Diyos.

Kaya mahalaga na simulan ang pagbabasa ng Bibliya. Anong praktikal na mga mungkahi ang tutulong sa iyo para masimulan at ma-enjoy ang pagbabasa?

### Paano Tayo Nakakasiguro na Totoo ang Sinasabi ng Bibliya?

Sinasabi ng Bibliya na ito ay "salita ng Diyos" at na ang Diyos ay "hindi makapagsisinungaling." ***(1 Tesalonica 2:13; Tito 1:2)*** Totoo ba ito, o ang Bibliya ay koleksiyon lang ng mga alamat at kathang-isip?

**Ikaw man ay hindi naniniwala sa Diyos, nawalan na ng pananampalataya, o gusto mong palakasin ang pananampalataya mo, makakatulong sa iyo ang Bibliya.**

**MAKIKINABANG KA SA PAGBABASA NITO**




***KATIBAYAN ang ULAT NG BIBLIYA ay TOTOO.*** Sila ay mga **Nepilim**. ***mala-higanteng tao na nahukay ng mga archaeologists -*** Ancient Marvels Unearthed:: Exploring the Colossal Ruins of East Africa's Historic City. ***Source: Mystical Archeology-FACEBOOK***

Ang **Nepilim** ay malalaking tao mala-HIGANTE ang taas nila "makapangyarihan noong unang panahon, na mga lalaking bantog." Ang kanilang tampalasang paggawi ay lubhang nagpasamâ sa daigdig bago ang Baha anupat nagpasiya si Jehova: " 'Lilipulin ko ang tao na aking nilalang sa ibabaw ng lupa . . . sapagkat pinagsisisihan ko na aking nilalang sila.' Datapwat si Noe ay nakasumpong ng biyaya sa mga mata ni Jehova." At ipinagpapatuloy ng ulat ang tiyak at praktikal na mga hakbang na kinuha ni Noe upang iligtas ang sarili mula sa Baha, kasama ang kaniyang pamilya at ang iba't-ibang uri ng mga hayop.—***Genesis 6:1-8, Genesis 6:13–8:22; 1 Pedro 3:19, 20; 2 Pedro 2:4; Judas 6.***

**Nepilim.** Ang terminong ito, na ayon sa paniwala'y nangangahulugang "tagapagbagsak," ay nababagay sa kanila yamang hinila nila ang mga tao na bumagsak sa pamamagitan ng karahasan. Nang panahon ng Baha, ang masuwaying mga anghel ay bumalik sa kanilang pagkaespiritu sa dako ng mga espiritu. (Genesis 6:1–7:23) Sa ganoong paglabas nila sa organisasyon ni Jehova, kanilang ginawang mga demonyo ang kanilang sarili, at si Satanas na Diyablo ang naging kanilang pinuno.—***Deuteronomio 32:17; Awit 106:37; Mateo 12:24; Lucas 11:15-19.***

## *Sino ang mga Anghel na ito?*

Ang sagot ng Bibliya:

Ang mga anghel na ito ay mga nilikha na may higit na lakas at kakayahan kaysa sa mga tao. (2 Pedro 2:11) Nakatira sila sa langit, o lugar ng mga espiritu, isang antas ng pag-iral na mas mataas kaysa sa pisikal na uniberso. (1 Hari 8:27; Juan 6:38) Kaya naman tinatawag din silang mga espiritu.—***1 Hari 22:21; Awit 18:10.***







# Sumiklab ang digmaan sa langit: Si Miguel at ang mga anghel niya ay nakipagdigma sa dragon, at ang dragon at ang mga anghel nito ay nakipagdigma, pero hindi nagtagumpay ang mga ito, at wala na silang lugar pa sa langit.—Apoc. 12:7, 8.

Gaya ng inihula sa Apocalipsis kabanata 12, natalo si Satanas sa digmaan, kaya siya at ang mga demonyo ay inihagis dito sa lupa. Galit na galit si Satanas, kaya ibinuhos niya ito sa mga tao. Ang resulta? "Kaawa-awa ang lupa." (Apoc. 12:7-12) Paano makakatulong sa atin ang hulang ito? Ang mga pangyayari sa mundo at ang kapansin-pansing pagbabago sa ugali ng mga tao ay tutulong sa atin na malaman na nagsimula nang maghari si Jesus. Kaya sa halip na madismaya kapag nakikita nating nagiging makasarili at malupit ang mga tao, tandaan natin na katuparan iyon ng hula sa Bibliya. Namamahala na ang Kaharian! (Awit 37:1) At asahan natin na lalo pang sasamâ ang kalagayan sa mundo habang papalapit ang Armagedon. (Mar. 13:8; 2 Tim. 3:13) ***Nagpapasalamat tayo sa ating mapagmahal na Ama sa langit dahil tinutulungan niya tayong maintindihan kung bakit napakaraming problema sa mundo.***



# Sino si Miguel na Arkanghel?

*Lumilitaw na ang Miguel, na tinutukoy ng ilang relihiyon bilang "**San Miguel,**" ay **pangalang ibinigay kay Jesus** bago at pagkatapos niyang mabuhay sa lupa.*

### *Sino o Ano ang mga Anghel?*

Ang mga anghel ay mga nilikha na may higit na lakas at kakayahan kaysa sa mga tao. (2 Pedro 2:11) Nakatira sila sa langit, o lugar ng mga espiritu, isang antas ng pag-iral na mas mataas kaysa sa pisikal na uniberso. (1 Hari 8:27; Juan 6:38) Kaya naman tinatawag din silang mga espiritu.—1 Hari 22:21; Awit 18:10.

### *Saan nagmula ang mga anghel?*

Nilalang ng Diyos ang mga anghel sa pamamagitan ni Jesus, na tinatawag ng Bibliya na "panganay sa lahat ng nilalang." Inilarawan ng Bibliya kung paano ginamit ng Diyos si Jesus sa paglalang: "Sa pamamagitan [ni Jesus] ang lahat ng iba pang bagay ay nilalang sa langit at sa ibabaw ng lupa, ang mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di-nakikita," kasama na rito ang mga anghel. (Colosas 1:13-17) Ang mga anghel ay hindi nag-aasawa at nagkakaanak. (Marcos 12:25) Sa halip, ang "mga anak ng tunay na Diyos" ay isa-isang nilalang.—Job 1:6.

Nilalang ang mga anghel matagal na panahon na bago pa umiral ang lupa. Nang lalangin ng Diyos ang lupa, ang mga anghel ay "sumigaw sa pagpuri."—Job 38:4-7.

### *Gaano karami ang mga anghel?*

Hindi sinasabi ng Bibliya ang kanilang eksaktong bilang, pero ipinakikita nito na napakarami nila. Halimbawa, daan-daang milyong anghel ang nakita ni apostol Juan sa isang pangitain.—Apocalipsis 5:11.

May kani-kaniyang pangalan ba at personalidad ang mga anghel?

Oo. Binabanggit ng Bibliya ang pangalan ng dalawang anghel: Miguel at Gabriel. (Daniel 12:1; Lucas 1:26) a Sinabi ng ibang mga anghel na may pangalan sila, pero hindi nila iyon ipinaalam.—Genesis 32:29; Hukom 13:17, 18.

Ang mga anghel ay may kani-kaniyang personalidad. Maaari silang makipagtalastasan sa isa't isa. (1 Corinto 13:1) May kakayahan silang mag-isip at magpahayag ng papuri sa Diyos. (Lucas 2:13, 14) At may kalayaan silang pumili ng tama o mali, gaya ng makikita nang magkasala ang ibang mga anghel dahil pumanig sila kay Satanas na Diyablo sa paghihimagsik nito laban sa Diyos.—Mateo 25:41; 2 Pedro 2:4.



# "... Magkakaroon kayo ng **LAKAS** kung mananatili kayong **PANATAG** at **MAGTITIWALA**"

**-Isaias 30:15**

# Crime rate patuloy ang pagbaba sa Pangulong Marcos admin



***Manila Police District director Col. Arnold Thomas Ibay inspects the vicinity of Quiapo Church in Manila several months ago.***

**MANILA** - Ipinagmalaki ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr., ang patuloy na pababa ng bilang ng mga index crimes sa panahon ng kanyang panunungkulan.

Batay sa anunsyo ng Philippine National Police (PNP) na bumaba sa bansa ang index crimes sa unang kuwarter ng 2024.

Sa record ng PNP,naitala ang 5,939 insidente ng krimen mula Enero hanggang Marso kumpara sa 7,583 kaso sa parehong panahon ng nakalipas na taon.

Ang indek crimes ay kinabibilangan ng murder, homicide, physical injury, robber rape, theft at carjacking.

Kaya naman ay ipinangako ng Ehekutibo ang suporta nito para sa modernisasyon sa PNP.

Kasabay nito ay pinangunahan ni Pangulong Marcos Jr. ang pagpanumpa sa 55 bagong one star rank officers ng PNP sa heroes hall sa Malacanang.

Sa kanyang talumpati ay binigyan diin nito ang hangarin ng kanyang administrasyon na nasa ilalim ng Bagong Pilipinas, "bawat mamamayan ay ligtas".

Sinabi ng Pangulo na 'zero tolerance' ang pamahalaan hindi lamang sa korapsyon kundi pati na sa human rights abuses.

Paalala ng Pangulo sa mga bagong opisyal na ang suot nilang insignias ay hindi lamang tumutukoy sa kanilang ranggo kundi ito ay tanda ng kanilang commitment sa sinumpaan nilang tungkulin lalo na sa pagtiyak na ligtas ang mamamayan mula sa kanilang bahay hanggang komunidad.

Idinagdag ng Chief Executive na inaasahan din ng mamamayan sa mga bagong promoted generals ang pinakamataas na standard sa kanilang hanay at makikita sa kanila ang leadership "by example". Bilin din ng Pangulo na isa sa dapat bantayan sa ngayon ay ang pag-usbong ng cybercrime related incidents.

***Pilipino Star Ngayon***

ads@
TALIBA
it works!
www.talibaNews.com
647-287-1870
Email: talibalita@rogers.com




# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

Advertise at **www.talibaflipzmedia.com** *or CALL* ***416-989-7336***
P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# Filipino Restaurant Month sa Canada magbabalik para sa ikatlong taon

## Magbabalik ang Filipino Restaurant Month sa Canada sa darating na Abril.

***Magbabalik ang Filipino Restaurant Month sa Canada sa darating na Abril 2024.***




Ang Philippine Department of Tourism at ang Philippine Consulate General sa Calgary ay nagagalak na ianunsyo ang pagbabalik ng Filipino Restaurant Month sa Canada (FRMC) para sa ikatlong edisyon nito. Katulad ng mga nakaraang taon, ang event ay muling pangangasiwaan ng Embahada ng Pilipinas sa Ottawa at ng Philippine Consulates General (PCG) sa Calgary, Toronto at Vancouver. Sa buong buwan ng Abril, ang mga lalahok na restawran ay magaalok ng prix fixe menus na ipinagdiriwang ang diverse array ng authentic na pagkain, sangkap at culinary expertise ng mga Pilipinong chef sa buong Canada.

Ang ikatlong Filipino Restaurant Month sa CanadaFRMC ngayong taon ay may espesyal na significance dahil ito ay magsisilbi rin bilang ating platform upang ipagdiwang ang ika-75 na anibersaryo ng Philippines-Canada Diplomatic Relations, ani Consul General Zaldy Patron. Sa pamamagitan ng ating mayaman, masarap at diverse na Filipino cuisine, nais natin na mas makilala ng Canadians ang mga Pilipino at ang Pilipinas, dagdag pa niya.

Noong nakalipas na taon, naging matagumpay ang Filipino Restaurant Month sa Canada kung saan 47 restawran sa walong probinsya ng Canada at 21 lungsod ang lumahok sa isang buwan na paghahain ng prix fixe menus sa Filipino Restaurant MonthFRMC diners upang ipakilala sa kanila ang diverse na lutuin at kultura ng Pilipinas. Bukod dito, mahigit 100 diners ang nanalo ng national at local prizes na ibinigay ng mga sponsor ng Filipino Restaurant MonthFRMC.

- Filipino Restaurant Month sa Canada opisyal na nagbabalik para sa ikalawang taon

Habang patuloy na lumalaki ang Filipino Restaurant Month sa CanadaFRMC, umaasa ang mga nag-organisa na mas marami pang restawran ang sasali upang maipakita at ma-highlight ang nagbabagong komunidad ng mga Pilipino at culinary industry. Ang listahan ng mga restawran na lalahok ay hindi pa pinal ngunit ibabahagi at ia-update sa opisyal na website ng Filipino Restaurant Month sa CanadaFRMC sa https://www.filipinorestaurantmonth.ca/ (bagong window) sa mga darating na linggo.

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at suporta ng mga Pilipino at Canadian sponsors, ang mga kostumer ng Filipino Restaurant Month sa CanadaFRMC ay muling magkakaroon ng oportunidad na manalo ng local at national prizes. Ang mga premyo ay magre-range mula sa libreng domestic travel at hotel accommodation sa Pilipinas hanggang sa $25-$100 vouchers para sa mga lalahok na restawran, at marami pang iba. Mas marami pang impormasyon at instructions ang iaanunsyo sa hinaharap. ***RCI***

PLEASE SHARE TO OUR FRIEND
www.talibaNews.com

# OCAD UNIVERSITY PRESIDENT TO SPEAK AT F.C.T. RECOGNITION RITES

*By: Tony A. San Juan, OCT.*



***OCAD University President and Vice-Chancellor Ana Serrano***

**Filipino-Canadian Ana Serrano** is set to speak at the Recognition Rites of the Filipino Centre Toronto( FCT) on April 7, 2024( Sunday) at 2:00 pm. Ms. A. Serrano is the current President and Vice-Chancellor of OCAD University, Ontario. The theme is Honour and Heritage: Recognition" ( ***Parangal at Pamana: Pagpupugay***").

Sponsored by the Filipino Centre Toronto, the afternoon event is in conjunction with the "17th Annual Outstanding Filipino-Canadian Student Awards Day" at the F.C.T. Social Hall, 4395 Sheppard Avenue East, Toronto, Ontario.

The university president is expected to address the outstanding student honourees, their parents and family, dignitaries and special guests, FCT officers and directors including members of the Filipino Canadian community and media. An award-winning visionary leader, Ms. A. Serrano is expected to speak on "transforming organizations and creating cutting-edge programs to strengthen innovation and skills-building in the arts and culture sectors and creative industries" and as well, to congratulate and encourage students to pursue their studies in the field of arts, design, digital, media, film and theatre.

Ms. A. Serrano assumed the leadership role at OCAD University in 2020. The university is Canada's largest and oldest art and design educational institution. Formerly, she was the Chief Digital Officer of the Canadian Film Centre and founder of the CFC Media Lab. Ms. Serrano is co-chair of the Open Democracy Project, a former trustee of the Canadian Museum for Human Rights, and is a member of various boards, including the National Film Board, Toronto Arts Council and Atkinson Foundation.

During the ceremony, 8 Filipino-Canadian outstanding school graduates from elementary, secondary, and post-secondary educational institutions will be honoured. They will be recognized for their distinctive academic excellence, exemplary extracurricular engagements, and admirable community involvement. The awardees include 2 elementary school graduates, three high school graduates, and 3 university graduates.



# Mga likas na sakuna

Sa pamamagitan ng pagkakaroon na ng potograpiya noong ika-19 dantaan, napangalagaan din ang mga namamasid na katibayan ng mahirap na katayuan ng pamumuhay sa mga pook na tropiko. Sa tulong ng mga kamera at ng mga litratista - dalubhasa man o hindi - napatunayan ang katotohanan na may mga likas na sakuna at kaganapan sa Pilipinas, katulad ng mga lindol, bagyo, pagsabog ng bulkan at pagkasunog ng mga kagubatan. Ang kinahinatnan ng lindol noong 1 863 ay nasaksihan at naitala ni Martinez Hébert, isang litratista ng Maharlikang Kabahayan ng pamahalaang Kastila, habang ang kapinsalaang sanhi ng mga paglindolnoong 14 18 Hulyo 20 at 22, 1880 ay nahagip ng mga lenteng pangkamera ng potograpong Olandes na si Francisco van Camp

***"ang mga larawan ay nagsasalita ng isang milyong mga salita"***

# Mga tagapanimula ng potograpiya sa Pilipinas

***Ang mga tagapanimula ng potograpiya sa Pilipinas*** ay mga Kanluraning litratista, na mula sa Europa ang karamihan. Ang gawaing pagkuha ng mga larawan at ang pagbubukas ng mga unang mga litratuhan (mga estudyo) sa Pilipinas noong kapanahunan ng mga Kastila, mula sa mga dekada ng 1840 hanggang 1890, ay nabigyang-daan ng mga sumusunod na kadahilanan: ginamit ang mga litrato para sa mga balita at impormasyon hinggil sa katayuan ng kolonya, bilang mga kasangkapan sa panghihikayat ng mga turista, bilang aparatong nakatutulong sa larangan ng antropolohiya, bilang kagamitan na nakapagpapakita ng katayuan sa lipunan, bilang instrumentong nakapagtatala ng mga pangyayari sa kasaysayan, isang kasangkapan sa pakikipagugnayan, para sa mga propaganda, at bilang sanggunian para sa mga ilustrasyon (mga akdang-giuhit) at sa larangan ng pag-uukit. Ang gawaing pang-potograpiya sa Pilipinas ay hindi walang impluwensiya at daloy ng pumapasok na mga diwang-pansining mula sa Kanluran patungo sa loob ng kapuluang kolonisado. *Mula sa Wikipedia*


TalibaFlipzMedia

# Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo




**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

**For inquiry**, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: ***advertise@flipzmedia.com***